AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

### Lesson 21

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Itinatagal ng virus sa mga kagamitan".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 21**

Sources: World Health Organization & Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Eli ng Trece Martires, Cavite.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, ilang oras po nagtatagal ang coronavirus sa mga bagay?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hi, Eli!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

Base sa World Health Organization, wala pang kumpirmadong oras kung gaano nagtatagal o nagsu-survive ang virus ng COVID-19 sa mga bagay o kagamitan

❌🕛🦠🔑🚽🗄️. Subalit maaaring tulad ito ng ibang coronavirus 🦠.

Ipinapakita sa pag-aaral 📚 na ang coronavirus ay maaaring mag-survive sa mga bagay o kagamitan sa loob ng maikling oras hanggang sa ilang araw, depende sa iba't ibang kondisyon. 🕛🦠🔑🚽🗄️

(Mga Hal. Uri ng kagamitan 🗄️🔑, Temperatura 🌡️, at Humidity sa kapaligiran 🌫️)

**IV.✊ HAMON**

Kaya naman bilang pag-iingat, paalisin natin ang mga nakatambay na germs, bacteria, at viruses sa ating mga bahay sa pamamagitan ng: 🦠🙅‍♀️🏡

(1) Pagpupunas ng mga bagay na madalas nating hawakan tulad ng doorknob 🚪, susi 🗝️, cellphone 📱, hawakan ng aparador 🗄️, toilet flushes 🚽, gripo 🚰, at iba pa, gamit ang malinis na basahan na may bleach - zonrox. 🧽🧼🧴

(2) At, paglalaba ng mga kobrekama, kumot, damit 👕🧦, kurtina, at iba pa. Kung marumi na ang mga ito, gumamit ng mainit na tubig, sabong panlaba, at bleach. 💧🧼🧴 (Baka may nakakapit na germs, bacteria, at viruses dito, mabuti nang paalisin natin sila. ❌🦠)

Ating tandaan na ang kalinisan ng ating paligid at ng ating mga kagamitan ay makakatulong sa atin upang ang COVID-19 ay maiwasan. 🏡🤗

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Ilang oras nagtatagal ang coronavirus sa mga bagay?
🔎 Anu-ano ang mga kondisyon na nakaka-apekto sa pagtagal ng coronavirus sa mga kagamitan?
🔎 Ano ang dapat nating ipamunas o ipanlinis sa mga bagay na madalas nating hawakan?
🔎 Tama o Mali. Huwag labhan ang mga kobrekama, kurtina, at kumot dahil sayang sa sabong panlaba at bleach.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 👧🏻👦🏻❓

Maraming salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."